# Repeater

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Wala naman siguro nais bumagsak sa board exam, ang hirap kayang mag aral at pagkatapos nito kailangan pang ipasa ang pagsusulit na iyon para masabing propesyunal,ang hirap na mabigo at sumubok uli, may ilang maaari nalang sumuko pagkatapos ng isang kabiguan mayroon naman na positibo lamang lagi ang pananaw sa buhay sa kabila ng lahat ng unos at pagsubok sa buhay ay patuloy na may tinatanaw na bagong pag asa.

Ang pag kakaalam ko ngayon matagumpay na siya sa buhay masaya sa propesyon niyang napili,naging saksi ako kung gaano siya nagsipag at nagtiyaga para makuha niya ang lisensya,sabi pa nga nya hindi naman daw siya bobo at matataas ang grado nya sa kolehiyo pero bakit anung subok niya lagi parin luhaan siya tuwing lumalabas ang resulta.

Pero kahit ilang beses siyang nabigo tila may lakas parin siya para umasa sa simula puro luha at sakit sa pakiramdam pero pag lipas nito ay panibagong bagwis para magpatuloy sa kanyang pangarap.

Hindi ko siya nakitaan ng salitang ayoko,tama na o susuko na ako,larawan siya ng isang positibong pananaw sa buhay isang positibong pagtitiwala sa sariling kakayahan na darating din ang araw na siya naman ang magtatagumpay.